# Maaari Kang Makakuha ng Supplemental Security Income (SSI)

## Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Ano ang SSI? | 1 |
| Magkano ang maaari mong makuha? | 1 |
| Paano ka magiging kwalipikado para sa SSI? | 2 |
| Paano ba mag-apply para sa SSI? | 2 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 3 |


## Ano ang SSI?

Ang Supplemental Security Income (SSI) ay isang pederal na programang nagbibigay ng mga buwanang pagbabayad sa mga taong may limitadong kita at kaunting mapagkukunan. Ang SSI ay para sa mga taong 65 taong gulang pataas, at sa mga taong nasa anumang edad, kabilang ang mga bata, na bulag o may mga kapansanan.

Upang makakuha ng SSI, ikaw ay dapat:

- 65 taong gulang pataas;
- Ganap o bahagyang bulag; o
- May medikal na kundisyong pumipigil sa iyong magtrabaho at inaasahang tatagal nang isang taon mahigit o hahantong sa kamatayan.

May iba't ibang panuntunan para sa mga bata. Para sa higit pang impormasyon, basahin ang *Benefits for Children With Disabilities* (Publication No. 05-10026-TL).

## Magkano ang maaari mong makuha?

Pare-pareho sa buong bansa ang basic na buwanang pagbabayad ng SSI para sa 2018. Ito ay:

—$750 para sa isang tao; o

—$1,125 para sa mag-asawa.

Hindi pare-pareho ang halagang makukuha ng bawat isa. Maaaring mas malaki ang makuha mo kung nakatira ka sa isang estadong dinaragdagan ang halaga ng pederal na pagbabayad ng SSI. Maaaring mas maliit ang matanggap mo kung ikaw o ang iyong pamilya ay may ibang pinagkukunan ng kita. Makakaapekto rin sa halaga ng matatanggap mong pagbabayad ng SSI kung saan ka nakatira at kung sino ang kasama mong naninirahan.

## Paano ka magiging kwalipikado para sa SSI?

### Ang iyong kita

Kasama sa iyong kita ang perang kinikita mo, iyong mga benepisyo mula sa Social Security, iyong mga pensyon, at ang halaga ng mga bagay na nakukuha mo mula sa ibang tao, gaya ng pagkain at tirahan.

Makakaapekto sa halaga ng kitang maaari mong makuha bawat buwan habang nakakakuha pa rin ng SSI kung saan ka nakatira. May iba't ibang panuntunan ang mga estado.

### Mga bagay na pag-aari mo

Maaari kang makakuha ng SSI kung nagkakahalaga ang iyong mga mapagkukunan (mga gamit na pag-aari mo) ng hindi lalampas sa $2,000 para sa isang tao o $3,000 para sa mag-asawang nagsasama. Hindi namin binibilang ang lahat ng pag-aari mo kapag nagpapasya kami kung makakakuha ka ng SSI. Halimbawa, hindi namin binibilang ang isang bahay na pag-aari mo kung nakatira ka rito, at kadalasan ay hindi namin binibilang ang iyong kotse. Binibilang namin ang pera, mga account sa bangko, stock at bond.

### Dapat ay isa kang residente ng U.S.

Dapat ay nakatira ka sa United States o Northern Mariana Islands upang makakuha ng SSI. Kung hindi ka mamamayan ng U.S., ngunit legal kang naninirahan sa United States, maaari ka pa ring makakuha ng SSI. Para sa higit pang impormasyon, basahin ang *Supplemental Security Income (SSI) for Noncitizens* (Publication No. 05-11051-TL).

### Iba pang benepisyo

Upang makatanggap ng SSI, dapat ka ring mag-apply para sa anupamang benepisyo mula sa pamahalaan kung saan maaaring kwalipikado ka. Kung nakakatanggap ka ng SSI, kadalasan ay maaari ka ring makakuha ng mga benepisyo mula sa Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP) at Medicaid. Nakakatulong ang Medicaid sa mga bayarin sa doktor at ospital, at nakakatulong ang SNAP na magbayad para sa pagkain.

Available ang mga aplikasyon para sa mga benepisyo ng SNAP sa anumang tanggapan ng Social Security. Para sa impormasyon tungkol sa mga programa ng tulong sa nutrisyon na maaaring available sa iyo, basahin ang *Nutrition Assistance Programs* (Publication No. 05-10100) at *Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP) Facts* (Publication No. 05-10101-TL). Bumisita sa ***www.fns.usda.gov/snap*** para makakuha ng impormasyon sa kung paano mag-apply.

## Paano ba mag-apply para sa SSI?

Upang mag-apply para sa SSI, maaari mong simulan ang proseso at gawin ang malaking bahagi ng iyong aplikasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov/applyforbenefits***. Maaari mo rin kaming tawagan nang toll-free sa **1-800-772-1213** upang magtakda ng personal na appointment o appointment sa telepono sa isang kinatawan mula sa iyong lokal na tanggapan ng Social Security.

Maaaring kwalipikado kang kumpletuhin ang iyong aplikasyon sa SSI online kung ikaw ay:

- Edad 18 hanggang 65;
- Hindi pa kailanman ikinasal;
- Hindi bulag;
- Isang mamamayan ng U.S. na nakatira sa isa sa 50 estado, sa District of Columbia, o sa Northern Mariana Islands;
- Hindi pa nag-apply para sa SSI o nakatanggap ng mga benepisyo ng SSI dati; at
- Nag-a-apply para sa Social Security Disability Insurance kasabay ng iyong claim sa SSI.

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-11069-TL | January 2018
Maaari Kang Makakuha ng Supplemental Security Income (SSI)
You May Be Able to Get Supplemental Security Income (SSI) (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito